

# Bakuna sa COVID-19 ng Novavax: Mga Bagay na Dapat Mong Malaman

**Vaccinate  
WA**  
CovidVaccineWA.org

## Ano ang bakuna ng Novavax?

Ang pinakabagong bakuna sa COVID-19 na inawtorisa ng Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot), na Novavax, ay hindi katulad ng ibang bakuna sa COVID-19 na kasalukuyang mayroon sa US. Ang Novavax ay bakunang protein subunit na gumagamit ng teknolohiyang kapareho ng at matagal nang ginagamit sa ibang bakunang malawakang ginagamit gaya ng HPV, hepatitis B, at trangkaso. Ang Novavax ay isang seryeng may 2 dosis na ibinibigay nang may 21 araw na pagitan, na magagamit ng mga taong may edad na 12 pataas.

## Ang Novavax ay tradisyonal na bakunang protein subunit.

Habang ang bawat isa sa mga awtorisadong bakuna ay tumutulong sa immune system ng ating katawan na tukuyin at atakihin ang virus ng COVID-19, ang Novavax ay gumagamit ng mas matagal na at mas pamilyar na teknolohiya sa bakuna.

- Ang mga bakunang protein subunit sa COVID-19 ay may lamang mga piraso (protina) ng virus na sanhi ng COVID-19.
- May laman ding additive ang mga ito, kasama ng mga taba at asukal, na tumutulong sa immune system na tumugon sa virus at protektahan ka sa hinaharap
- Walang lamang mRNA ang mga ito



## Kaunti lang ang mga side effect ng Novavax.

Ang mga pansamantalang side effect ng Novavax ay hindi naiiba sa mga karaniwang side effect na nakikita sa ibang bakuna sa COVID-19. Pagkirot/pagkamaselan, pamumula at pamamaga sa bahaging tinurukan, pati na rin pagkapagod, pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo, pananakit ng kasukasan, pagduruwal/pagsusuka, at lagnat. Ang mga bakunang protein subunit sa COVID-19 ay hindi magdudulot ng COVID-19 o iba pang sakit.

## Ano ang ipinapakita ng datos?

Ayon sa mga pag-aaral sa klinikal na pagsubok na isinagawa noong spring ng 2021, may 90% na bisa ang bakuna ng Novavax sa pagpigil sa impeksiyon ng COVID-19 at mabisa ito nang 100% sa pag-iwas sa pagkamatay na may kinalaman sa COVID-19.

Nagdulot ng malawakang immune response ang bakuna laban sa lahat ng variant ng COVID-19, kasama na ang BA.5, ayon sa mga isinasagawang pagsubok. Ang bakunang subunit tulad ng Novavax ay hindi gumagamit ng buhay na virus, at hindi nito nababago o naiimpluwensiyahan ang ating genes. Nalaman din namin na ang Novavax ay:



- Nagamit nang mabisa sa maraming ibang bansa, kasama na ang Canada, mula noong 2021
- Hindi naglalaman ng mga sangkap na ginagamit sa ibang bakuna na nagdudulot ng allergy
- Gumagamit ng pamilyar na teknolohiyang kapareho ng ginagamit sa mga sikat na bakuna gaya ng trangkaso, HPV, hepatitis B, at shingles

Sumailalim ang Novavax sa proseso ng Emergency Use Authorization (EUA, Awtorisasyon sa Pang-emergency na Paggamit) ng FDA at isa itong wastong opsyon, lalo na para sa mga taong naghahanap ng alternatibo sa [mga mRNA na bakuna](#).

Maaaring magrekomenda ng mga karagdagang dosis para sa iba pang grupo sa hinaharap.

## Ang pagpapabakuna pa rin ang pinakamainam na opsyon.

Habang nagpapatuloy ang COVID-19, nagkakaroon ng mas marami pang bakunang mapagpipilian. Mahalagang tandaan na pinakamainam ang maging bakunado. Ano pa man ang brand ng bakuna, ang pagpapabakuna ay ang pinakamainam mong proteksiyon laban sa COVID-19 at sa mga epekto nito. Kausapin ang iyong provider tungkol sa kung aling opsyon ang pinakamainam para sa iyo.